# Patola



Ang patola, *Luffa acutangula* ay itinatanim sa maraming lugar sa bansa. Ayon sa mga pag-aaral, ang bunga nito ay nagtataglay ng phosphorus, calcium at iron. May isa pang uri ng patola. Ito ay ang patolang kastila (*Luffa cylindrica*). Ang balat nito ay mas makinis at ginagamit sa *sponge production*.

## URI NG LUPANG TANIMAN

Madali lang alagaan ang patola. Maaari itong itanim sa tag-ulan man o tag-araw na may mataas na temperatura at sapat na mapagkukunan ng tubig. Para sa mas mataas na ani, itanim ito sa lupang tinatawag na lagkitang galas o buhanginang galas.

## PARAAN NG PAGTATANIM

Ibabad ang buto magdamag bago itanim. Maglagay ng 2 buto sa bawat butas na may pagitang 2.5 x 2.5 metro. Alisin ang payat na tanim 7 araw pagkatapos tumubo.

## PAGKONTROL NG DAMO

Maaari nang magdamo 14 na araw pagkatapos tumubo ng tanim. Magdamo kung kinakailangan.

## PAGPAPATABA

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 2 sako | Sa pagtatanim | Basal |
| Urea + 14-14-14 (1:1) | 1 sako +1 sako | 28 araw pagkaani | Side dress |
| Urea +14-14-14 (1:1) | 1 sako +1 sako | 56 araw pagkatapos tumubo, Ulitin tuwing ika-14 na araw | Side dress |

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGPAPATUBIG

Magpatubig pagkatapos magtanim. Pasundan ng pagpapatubig minsan sa isang linggo. Diligan lamang ang tanim kung kinakailangan kapag tag-ulan.

## PAGKONTROL NG INSEKTO

| Insekto | Kontrol |
|---|---|
| Yellow beetle | Fipronil |
| Leaf folder | Methomyl |
| Aphids | Lambdacyhalothrin |

## PAG-AANI

Limang araw pagkatapos mabuo ang bunga (fruit set) ay maaari nang anihin ang patola. Gumamit ng kutsilyo at pitasin ang bunga na may 15 sentimetro ang haba ng tangkay mula sa bunga.

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice